# Balitang Manmin

BILANG 173  PEBRERO 5, 2017

# Nagkaroon ng Pag-asa ang mga Bansang Islam

## Dahil sa mga Seminar at mga Pulong na may Panyong Nakapagpapagaling sa Pakistan, Dubai, at Abu Dhabi




























### "Kasama ang mga Muslim sa mga Nakaranas ng Kapangyarihan ng Diyos"

Pastor Yonas Tsegaye Gebrewold, Punong Pastor ng Abu Dhabi Living Water United Evangelical Churches Emirates



"Maraming taong bumalik ang pandinig, gumaling mula sa pananakit ng katawan, mga sugat at karamdaman gaya ng mataas na presyon ng dugo, sa pagpupulong, kabilang na dito ang mga Muslim. Marami na akong napuntahang mga iglesya sa buong mundo, nakadalo sa mga pagpupulong at nakaka-usap ng mga kilalang pastor. Pero wala pa akong nakitang pastor tulad ni Dr. Jaerock Lee. Dahil sa mga kapangyarihang ipinakita niya, masasabing ang Diyos ay sumasakanya. Umaasa ako na pupunta siya sa United Arab Emirates at Ethiopia para magdaos ng krusada."

### "Muling Sumigla ang mga Kabataan sa Pakistan"

Pastor Yaqub Paul, Tagapangulo ng United Bishop Council Pakistan



"Labis akong namangha nang marinig ko ang mensahe ni Pastor Taesik Gil at nakakita ng mga tanda na sumunod sa mga seminar at mga krusada sa Pakistan. Kahanga-hanga ang bunga ng inspirasyong dinala ng pagbisita niyang ito. Sa unang pagkakataon, nagdaos siya ng seminar para sa mga kabataan. Dinaluhan ito ng mahigit-kumulang 100 pastor mula sa Lahore at pitong iba pang mga lunsod at 2,500 mga kabataan. Maitatanim sa alaala bilang makasaysayang seminar ang kaganapang ito at magsisilbing pundasyon ng muling pagsigla ng mga espiritu ng mga Cristianong taga-Pakistan."

Si Pastor Taesik Gil, nagpapastor sa Daejon Manmin Church, ang namuno sa apat na krusada kung saan Islam ang pinakamalaking relihiyon na may 90% ng populasyon ay Muslim, at sa Pakistan, na tinatawag na 'Islamic Republic of Pakistan'.

Nagsagawa ng mga krusadang may panyong nakapagpapagaling si Pastor Gil sa Dubai noong Disyembre 1, 2016 (litrato 1) at sa Abu Dhabi sa UAE (litrato 9). At noong Disyembre 4, isa pang krusada ang idinaos sa Pakistan Gospel News Church (litrato 8). Noong Disyembre 6, namuno siya sa isang seminar para sa mga kabataan na idinaos sa FGA Convention sa Lahore, Pakistan, dinaluhan ito ng maraming obispo at pastor (litrato 7 at 10)

Sa bawat krusada, ipinapalabas ang DVD na may titulong "POWER", ipinapakita nito ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee. Nagsisipalakpakan at namamangha ang mga nakakapanood nito. Pagkatapos, ipapangaral ni Pastor Gil ang mensahe ng Diyos at mananalangin siya para sa mga maysakit gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee. Maraming gumagaling mula sa mga karamdaman, lumalaya mula sa mga masamang espiritu, gumagaling sa mga kahinaan, bumabalik ang malinaw na paningin at pandinig (litrato 2-6).

Noong taong 2000, matapang na ipinahayag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church ang salita ng buhay at nagpakita ng mga tanda sa krusada ng pagkakaisa sa Pakistan. Pagkatapos, ipinalabas ang mga sermon at pagpapakita niya ng kapangyarihan ng Diyos sa Isaac TV na umabot sa Asya at Gitnang Silangan. Sa nakalipas ng sampung taon, namuno si Pastor Gil sa mga seminar para sa mga pastor, at pagpapagaling gamit ang panyo para sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa Pakistan.

Kumalat ang balitang ito sa mga pastor na taga-Pakistan na nagmiministeryo sa Gitnang Silangan kaya umabot pa sa ibang rehiyon ang ministeryo ng Manmin. Naging daan ito ng pagpapanibago at muling pagsigla ng mga kaluluwa sa lugar na ito.





Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus (4)

"Si Jesus ay sumigaw ng malakas at nagsabi,
'Ama, sa mga kamay Mo ay inihahabilin Ko ang Aking espiritu!'
At pagkasabi nito,
nalagot ang Kanyang hininga."
(Lucas 23:46)

Nag-iwan si Jesus ng mga salita ng pag-ibig bago Niya hugutin ang huling hininga sa krus. Tinatawag itong "Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus". Pag-usapan natin ang pang-pito sa mga huling wika ni Jesus sa krus.

### 1. Ang dahilan kung bakit sumigaw si Jesus ng "Ama"

Ginawa ito ni Jesus para marinig ng lahat ng tao ang huling wika Niya dito sa mundo, at dahil kalooban ng Diyos na "isigaw natin nang may pagtangis ang panalangin natin" sa Kanya.

Sinabi Niya sa Jeremias 33:3, "Kung tatawag ka sa Akin, Ako'y sasagot sa iyo, at magsasabi sa iyo ng mga dakila at makapangyarihang bagay na hindi mo nalalaman," sinasabi ng Diyos sa buong Biblia na tumawag tayo sa Kanaya sa pananalangin gaya ng mga nasusulat sa Mga Bilang 12:13; 2 Mga Cronica 32:20; Mga Awit 57:2; Marcos 10:47; Juan 11:43; Mga Gawa 4:24; at Mga Gawa 7:59.

Nang manalangin si Jesus sa Gethsemane bago Siya bihagin, maalab ang pananalangin Niya kaya "parang dugong tumulo ang pawis Niya." Ayon sa mga propesyunal sa larangan ng medisina, kapag ang isang tao ay nakakaranas ng napakatinding pagod at sakit ng kalooban o matinding pagsisikap sa isang gawain, posibleng pumutok ang mga ugat niya. Nagiging dahilan ito ng sabay na pagpapawis at pagdurugo. Sinasabing 'nagpapawis na parang nagdurugo' ang isang tao. Bukod dito, sinasabing kung nagpawis na parang nagdurugo si Jesus habang nananalangin Siya sa dis-oras ng gabi sa klase ng klima sa Israel, ipinapakita nito kung gaano kaalab at kadesperado ang pananalangin Niya.

### 2. Ang mga Dahilan Kung Bakit sinabi ni Jesus, "Ama, sa mga kamay Mo'y itinatagubilin Ko ang Aking espiritu"

#### 1) Pinapatunayan ni Jesus ang pagiging Imortal ng Espiritu ng Tao

Ang tao ay may espiritu, kaluluwa, at katawan. Kapag namatay siya, ang katawan, na nagsisilbing sisidlan ng espiritu at kaluluwa, ay babalik sa lupa. Dahil ang espiritu ay walang hanggan at imortal, hindi ito naglalaho. Nilalang ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, hiningahan ng Diyos ang mga butas ng ilong niya ng hininga ng buhay (Genesis 2:7). Pinuno ng Diyos ang espiritu ni Adan ng mga espirituwal na kaalaman at katotohanan.

Ang "kaluluwa" ay tumutukoy sa lahat ng kakayahan na tumutulong sa tao na magtanim ng impormasyon sa utak niya at alalahanin ang mga impormasyong ito, isipin at makiramdam ayon dito, at gamitin at kumilos ayon dito. Ang espiritu ni Adan ang namuno sa kaluluwa at katawan niya. Dahil ang espiritu niya ay puno ng katotohanan, puno din ng katotohanan ang kaluluwa at katawan niya dahil nasa ilalim ito ng espiritu. Nang magkasala si Adan laban sa Diyos dahil kinain niya ang bunga ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, namatay ang espiritu niya. Ang 'kamatayan ng espiritu' ay tumutukoy sa pagputol ng ugnayan ng tao sa Diyos, wala na itong kakayahang gawin ang mga tungkulin niya.

Nang mamatay ang espiritu, na siyang pinuno ng tao, tumigil ito sa paggawa. Kinuha ng kaluluwa ang tungkulin ng pinuno, sinimulan nito ang pamamahala sa katawan. Ang kaluluwa ay nakikinig sa kaaway na Satanas, sinimulan nitong tanggapin ang maling kaalaman. Habang napupuno ang puso ng tao ng kasinungalingan, napapalitan nito ang mga katotohanang itinuro ng Diyos. Sa bandang huli, ang puso ng tao ay napuno na ng galit, sama ng loob, at kadamutan. Pero, kahit huminto na ng paggawa ang espiritu hindi nangangahulugang patay na ito. Ang espiritu ng tao ay binigyan ng Diyos ng hininga ng buhay na walang hanggan at imortal. Hindi ito pwedeng mamatay.

Anong mangyayari sa kaluluwa kapag namatay ang katawan? Para kumilos ang isang tao kinakailangan niya ng utak. Ang utak ang tumutulong sa kanya para makapag-isip at makaalala. Kapag namatay ang pisikal na buhay ng isang hayop (na walang espiritu), namamatay din ang utak nito; naglalaho ang laman at kaluluwa nito. Pero ang mga gawain ng kaluluwa ng isang tao, na may espiritu, ay naiipasa sa 'puso' at nananatili dito. Kaya sa halip na maglaho, umiiral nang walang hanggan ang kaluluwa kasama ng espiritu at ang mga katangian nito ay naipapasa sa espiritu.

Ito rin ang dahilan kung bakit sinabi ng Panginoon, "Ama, sa mga kamay Mo'y inihahabilin Ko ang Aking espiritu." Kapag narinig ng isang tao ang ebanghelyo at tinanggap si Jesu-Cristo at ang Banal na Espiritu, nabubuhay ang espiritu niya na 'patay'. Kung ang espiritu ng isang tao ay muling nabuhay at napuspos ng katotohanan ang puso nito, pwede nating sabihin na "nasa mabuting kalagayan ang espiritu" niya. Habang nasa mabuting kalagayan ang kaluluwa ng isang tao – na ang ibig sabihin ay napupuspos ng katotohanan ang puso niya – bubuti ang kalagayan ng lahat ng aspeto ng buhay niya at tatamasahin niya ang mabuting kalusugan (3 Juan 1:2).

Sa Juan 3:5, sinasabi sa atin ni Jesus, "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos," kapag ang isang tao na ipinanganak muli ng tubig at ng Banal na Espiritu – ang mga may espiritung muling binuhay – ay makakapasok sa Langit. Pero ang mga taong nanatiling patay ang espiritu at hindi nakabatid ng katotohanan dahil hindi sila nagtiwala kay Jesu-Cristo, ay hindi makapapasok sa Langit. May lugar sa Impiyerno ang mga taong ito.

#### 2) Pinatotohanan ni Jesus na Sinunod at Tinupad Niya ng Lahat ng Bagay Ayon sa Kalooban ng Diyos

Ang pananalangin ni Jesus sa krus ng, "Ama, sa mga kamay Mo'y inihahabilin Ko ang Aking espiritu," ay nagpapatotoo kung paano Niya sinunod at tinupad ang lahat ng bagay ayon sa kalooban ng Diyos. Ang pagdating Niya dito sa mundo, ang pagpako sa Kanya sa krus, ang muling pagkabuhay Niya ay hindi Siya ang nagplano kundi ang Diyos na Siyang namamahala sa buhay, kamatayan, sumpa, at pagpapala, at sa buong kasaysayan ng sangkatauhan (Juan 4:34).

Kapag nananalangin tayo sa pangalan ni Jesu-Cristo, ang sumasagot sa dalangin natin ay ang Diyos. Sa Mateo 10:29-31, sinasabi sa atin ni Jesus, "Hindi ba ipinagbibili ng isang kusing ang dalawang maya? Ngunit, isa man sa kanila'y hindi nahuhulog sa lupa kung hindi kalooban ng inyong Ama. Maging ang buhok sa inyong ulo ay bilang lahat. Huwag nga kayong matakot; kayo ay higit na mahalaga kaysa maraming maya."

Maaari ninyong ipagkatiwala ang lahat ng bagay sa Diyos kung totoong naunawaan at naitanim sa puso ninyo ang espirituwal na kahulugan ng katiyakan mula sa Panginoon. Ipinapaalala sa atin ng Diyos, "kahit isa sa kanila'y (mga maya) hindi nahuhulog sa lupa kung hindi kalooban ng inyong Ama" at "maging ang buhok ninyo'y bilang lahat." Kung magtitiwala at mananampalataya kayo sa Kanya, walang dahilan kung bakit hindi ninyo matatanggap ang mga kasagutan Niya, problema man ito sa karamdaman, pagpapala sa lugar ng trabaho o negosyo, o pagtupad ng gawain ng Diyos.

Kahit si Jesus ay nasa anyo ng Diyos at iisa sila ng Diyos, kalooban lang ng Diyos ang sinunod ni Jesus, ipinagkatiwala Niya ang lahat sa Diyos. Tulad nito, sa halip na ilagay ninyo ang pagtitiwala ninyo sa tao, tumuon lang kayo sa Diyos, maranasan sana ninyo ang kapangyarihan Niya na lumalampas sa kakayahan ng tao, at purihin natin Siya sa lahat ng bagay.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, palagi ninyong isipin ang "Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus," panghawakan ninyo ang kalooban ni Jesus na sumigaw sa gitna ng paghihirap ng pagkakapako sa krus dahil sa ganap na pagtupad ng kalooban ng Diyos. Idinadalangin ko, habang naghihintay kayo sa pagbabalik Niya para sa atin sa pangalan ng Panginoon, nawa sa araw na iyon, bawat isa sa inyo ay tumanggap ng korona ng katuwiran.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagpapasalamat, ang Susi para tumanggap ng mga Biyaya!

Thank You

Nais ng Diyos na tumanggap ng mga biyaya sa espiritu at katawan ang minamahal Niyang mga anak sa mundong ito at mga gantimpala sa langit.
Sa taong 2017, magsaya tayo sa napakaraming kasagutan at mga biyaya sa pamamagitan ng pagpapasalamat.

## Pagpapasalamat, ang Daluyan Kung Saan Natin Padadaanin ang mga Kasagutan Mula sa Diyos

Kapag nakakaranas tayo ng mabuting kalagayan, magpapasalamat tayong lahat sa Diyos. Pero mapatutunayan ang pananampalataya natin kung magpapasalamat tayo kahit sa mga situwasyong parang imposibleng magpasalamat. Sinasabi sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:18, ang magpasalamat sa lahat ng bagay ay pagpapakita ng pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Pero hindi sapat ang magpasalamat sa mabuting kalagayan lang ang mga anak ng Diyos bilang pagsunod sa kalooban Niya. Dapat matuto tayong magpasalamat sa lahat ng bagay lalo na sa ating kaligtasan. Kung wala ang pagpapala ng Diyos, babagsak tayo sa walang hanggang apoy at magdurusa magpakailanman. Kung iisipin nating mabuti ito, maiintindihan natin kung gaano kadakila ang handog ng Diyos na kaligtasan at makarating sa napakagandang Langit. Kaya magpasalamat tayo sa lahat ng bagay.

Susunod, ang pagpapasalamat ay pagpapakita ng pananampalataya sa Salita ng Diyos. Sinasabi sa Marcos 11:24, "Kaya't sinasabi Ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo." Kung naniniwala tayo sa talatang ito dahil naniniwala tayo sa Diyos, hindi tayo mabibigo kahit hindi pa dumating agad ang kasagutan. Dahil naniniwala tayo na sasagutin ng Diyos ang hinihilng natin sa pinakamabuting panahon, hindi mahalaga kung maging malala ang pisikal na kondisyon o situwasyon. Ang pagpapasalamat ay nagmumula sa pananampalataya. Ito ay pananampalataya na espirituwal at ibinibigay ng Diyos na nasa Langit.

Dalawang klase ang pananampalataya: makalaman at espirituwal. Sa makalaman na pananampalataya, naniniwala ang mga tao sa mga bagay na nakikita at mga bagay na sumasang-ayon sa mga iniisip nila. Pero, dapat nating paniwalaan ang Salita ng Diyos nang taos puso para masunod natin ito sa pamamagitan ng mga gawa. Kung walang mga gawa, sinasabi ng Santiago 2:26 na patay ang pananampalataya. Hindi tayo tatanggap ng mga kasagutan at mga biyaya sa makalaman na pananampalataya at walang gawa. Bukod dito, hindi kayo maliligtas, kaya dapat maging esirituwal ang pananampalataya ninyo na may kasamang mga gawa.

Tumutulong ang espirituwal na pananampalataya sa atin na pagtiwalaan ang Salita ng Diyos kahit hindi ito sumasang-ayon sa kaalaman at saloobin natin. At sa sandaling magtiwala kayo, hindi na ito magbabago kahit ano pang mangyari (Sa Mga Hebreo 11:1-2). At ang pananampalatayang ito ay hindi lang kaalaman, sinusundan ito ng mga gawa bilang pagpapatunay. Tatanggapin ng mga taong may espirituwal na pananampalataya ang mga kasagutan sa pananalangin kahit parang imposibleng mangyari ang mga hinihiling nila. Para magkaroon ng espirtuwal na pananampalataya, sundin natin ang Salita na natutuhan natin sa pamamagitan ng mga gawa.

Kung mayroon tayong espirituwal na pananampalataya, magpapasalamat tayo kahit hindi maganda ang mga pangyayari. Kapag nagpasalamat tayo, pabubutihin ng Diyos ang mga situwasyon, gagawin Niyang posible ang ang mga bagay na imposible, at gagawing mas mabuti ang mga bagay na posible. Ang pagpapasalamat ay pagpapahayag ng pagtitiwala natin sa Salita ng Diyos, at pagsunod sa Salita Niya. Sa madaling salita, ito ay daluyan ng mga kasagutan at mga biyaya mula sa langit bilang pagtupad ng katuwiran ng Diyos.

## Pagpapasalamat, ang Kapangyarihang Magbago

Ang tunay na buhay ng isang mananampalataya ay pagpuno ng puso natin ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral at pakikinig nito. Ibig sabihin, iwaksi natin ang mga kasinungalingan sa puso natin at palitan ito ng kabutihan at pag-ibig. Kung lumalakad tayo sa Liwanag dahil ang Diyos ay Siyang Liwanag, tayo ay nagkakaisa, at nalilinis tayo ng dugo ni Jesus na Anak Niya mula sa lahat ng kasalanan (1 Juan 1:5-7).

Napapasalamat tayo dahil nakakapakinig tayo ng espirituwal na salita at naaantig ang damdamin natin sa hindi maipaliwanag na kalooban ng Diyos na nakasulat sa Biblia. Sa Mga Awit 119:103, pinatototohanan natin, "O kay tamis na namnamin ang utos Mong ibinigay, matamis pa kaysa pulot yaong lasang tinataglay!" Parang purong ginto ito na lumalabas mula sa hurno, tinanggalan ng mga dumi. Pero, para magkaroon ng pusong puspos ng katotohanan, malinis at dalisay, at walang mantsa o bahid, dapat nating daanan ang isang proseso.

Una, dapat nating alamin ang mga kasalanan at kasamaan natin na sumusuway sa Salita ng Diyos. Iwaksi natin ang mga ito. Kung lalabanan natin ang mga kasalanan natin hanggang sa dumanak ang dugo at iwaksi ang kasamaan sa kaibuturan ng puso, magkakaroon tayo ng maligaya, mapagpasalamat, at masayang buhay Cristiano na puspos ng Banal na Espiritu.

Pero may mga taong nanghihina kapag nalaman nila ang mga kasamaan nila. Akala nila tapat na buhay Cristiano ang isinasabuhay nila, kaya kapag nalaman nila na may kasamaan sila, nabibigla sila o kaya nalulungkot. Kung nanghihina ang kalooban ninyo, ibig sabihin, hindi pa ninyo iwinawaksi ang kasamaan. Pinapatunayan nito na inakala ninyo na iwinaksi na ninyo ito, iyon pala, nanatili itong nakatago sa kalooban ninyo.

Mababasa sa Filipos 4:13, "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." Kung sisigaw tayo nang may pagtangis sa pananalangin para baguhin tayo ng katotohanan, ububuhos ng Diyos ang pagpapala at kalakasan sa atin. Tutulungan tayo ng Banal na Espiritu para maiwaksi ang kasamaan. Kung susuko kayo dahil nanghina ang kalooban ninyo at nakalimutang magpasalamat, nawalan kayo ng pagkakataong magkaroon ng dakilang espirituwal na pagpapala. Makakamit lang ninyo ito kapag magpapasalamat kayo.

Sinasabi ng 1 Pedro 1:7, "Upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo." Magpasalamat tayo at magalak sa pag-asa kapag natuklasan natin ang kasamaan sa puso natin para tanggapin natin ang kalakasan na baguhin ito para makatayo tayo sa bato ng pananampalataya, maging espirituwal, at banal.

# "Gumaling ang Sakit Kong Herpes Simplex"



Kapatid Euijin Lee, 21 taong gulang, Chuncheon Manmin Church

Hindi ako nakikinig ng mga sermon, kadalasan, natutulog ako o nagtetext habang may pagsamba. Sa tuwing tatanggap ako ng pagpapala, nagdedesisyon akong pagbutihin ang buhay ko bilang isang Cristiano, pero panandalian lang ito. Bumabalik ako sa kamunduhan.

Samantala, noong Hulyo 2016, naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos. May problema ako dahil sa awayan namin ng kaibigan ko. Nang manalangin ako, naayos agad ito. Pagkatapos, nagkaroon ako ng tunay na kaligayahan at kapayapaan na hindi ko pa naranasan dati saan man sa mundo. Naging madalas ang pananalangin ko nang walang patid. Noong Agosto, pumunta ako sa Chuncheon kung saan naninirahan ang mga kamag-anak ko at nagsimula akong dumalo sa Chuncheon Manmin Church.

Mayroon akong herpes simplex mula pa noong ikatlong baitang ko sa elementarya, labindalawang taon ko na itong pinagdurusahan. Hindi nagagamot ang virus na ito, kapag bumababa ang resistensya ko, nagkakasakit muli ako nito. Umaatake ito mga dalawa o tatlong beses sa isang taon. Nakakaranas ako ng abnormal na bigat ng pakiramdam, pananakit at pamamaga ng mga mata. Nagkakaroon ng paltos sa buong mata ko, kung minsan, may kuliti pa. Kung kakalat ito hanggang sa utak ko, magkakaroon ako ng encephalitis. Kung sa mga mata ito kakalat, mabubulag ako.

Noong Oktubre 13, 2016, masyado akong napagod sa trabaho, nagkaroon na naman ng virus ang mga mata ko. Noong una, labis akong nalungkot, pero inisip kong tumanggap ng pagpapagaling sa pamamagitan ng pananampalataya at ibigay ang luwalhati sa Diyos dahil maraming beses na rin akong pinagaling mula sa mga sakit tulad ng sipon dahil sa panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Nang magkaroon ng mga paltos sa talukap ng mga mata ko, sinuri ko ng sarili ko, at nagsisi. Winisikan ko ito ng Muan Sweet Water (Exodo 15:25) at tinanggap ko ang pnalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit na naka-record sa telepono. Labis ang pamamaga at pamumula ng mga mata dahil sa virus na ito sa loob ng isang araw. Pero ngayon, umabot ito ng tatlong araw. Dapat pumunta na agad ako sa ospital, pero, hindi ako pumunta at hindi rin ako nagpahid ng gamot. Nagtiwala ako sa kapangyarihan ng Diyos, hindi ako nag-alala. Nagpasalamat ako at nanalangin sa pulong-panalanging Daniel kinagabihan.

Mabuti na lang, noong Oktubre 16, nagdaos ng pagpupulong na may panyong nagpapagaling ang Chuncheon Manmin Church. Tinanggap ko ang panalanging may panyo mula kay Pastor Dongheon Kim. Natanto ko ang mga pagkukulang ko, at hinaplos ng Diyos ang puso ko ng pag-ibig Niya. Ayaw na Niyang magdusa ako sa karamdaman kaya niloob Niya na pagalingin ako.

Pagkatapos ng panalangin, bumuti ang kalagayan ng mga mata ko. Mas komportable na ngayon ang pakiramdam nito. Mabilis ang paggaling ko, humupa na ang pamamaga, at hindi na ito mapula. Ganap ang paggaling ko sa loob ng tatlong araw pagkatapos akong ipanalangin. Hallelujah!

Ginagawa ko ang tungkulin na ibinigay sa akin ng Diyos bilang miyembro ng choir, grupo ng mga mananayaw, at lider ng misyon para sa mga kabataan sa Chuncheon Manmin Church. Nagpapasalamat ako at niluluwalhati ko ang Diyos na may napakalaking pag-ibig at napakabuti.



# "Si Dr. Jaerock Lee ang Pinakamalaking Pagpapala sa Akin!"

Pastor Duseng Sombun, 55 taong gulang, Pongjjok Manmin Church, Thailand

Nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church kay Pastor Tawin ng Chai Prakan Manmin Church sa Thailand. Mula noong Enero 2014, nagsimula akong dumalo sa mga seminar para sa mga pastor sa mga sangay na iglesya. Ang seminar ay idinadaos kada dalawang buwan sa Chiang Rai Manmin Church. Si Pastor Jaewon Lee ang nagpapastor sa iglesyang ito. Inihatid niya ang mensahe ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church, na tinanggap nito dahil sa hindi mabilang na pag-aayuno at pananalangin.

Bago ang lahat ng ito para sa akin. Wala pa kong narinig na ganitong mensahe noon, pero batid ko na espirituwal ito. Masaya ako sa narinig ko na magkakaibang tirahan sa Langit ang tatanggapin ng bawat mananampalataya ayon sa antas ng pananampalataya nila, at ang pinakamabuting tirahan dito ay ang Bagong Jerusalem.

Nagpapasalamat ako dahil natutuhan ko ang pamantayan ng kaligtasan, ang pagsunod sa araw ng Sabbath, at pagkakaloob ng ikapu. Mahalaga din ang pananalangin.

Noong buwan ng Agosto 2015, habang tumatanggap ako ng malaking pagpapala mula sa mahalagang salita ng buhay, bumisita ako sa Manmin Central Church sa Korea. Nakinig ako ng sermon ni Dr. Lee sa pinakamalaking santuwaryo, naging emosyonal ako kaya napaiyak ako. Nagkaroon ako ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Napakalinaw nito sa alaala ko, babalik-balikan ko ang karanasang ito habang nabubuhay ako. Dumalo din ako sa retreat sa tag-init ng Manmin. Nakita kong dumapo sa mga miyembro ang mga tutubi. Naranasan ko ang pinakamagandang panahon, nakita ko ang mga tanda, himala, at kapangyarihan ng Diyos pati ang Muan Sweet Water (Exodo 15:25). Umapaw ang pagmamahal ng Diyos sa puso ko. Pinagsisihan ko ang hindi ko pagpapatawad sa ibang tao. Umapaw ang pagpapasalamat at pag-ibig sa puso ko.

Pagbalik ko sa Thailand, sinikap kong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Kamangha-mangha ang naging resulta. Nakaranas ang aking iglesya ng higit sa dobleng pagsigla at dami ng miyembro. Gumaling sila mula sa mga karamdaman sa tulong ng Muan Sweet Water.

Lumago ang mga pananampalataya nila at naging tulad ng trigo. 90% ang sumusunod sa araw ng Sabbath at nagbibigay sila ng tamang ikapu. Nagbago din ang anak kong matigas ang ulo. Tinutulungan na niya ako sa pagmiministeryo. Gumaling din ang diabetes ko at almuranas dahil sa panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Ang pinakamalaking pagpapala sa buhay ko ay nakilala ko si Dr. Jaerock Lee. Naintindihan ko ang kalooban ng Diyos. Naging pastor ako na kumikilos ayon sa itinuturong Salita. Hallelujah! Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpala sa akin para makita ko ang daan patungo sa pagiging isang tunay na pastor.



Nagbago ang mga miyembro ng Pongjjok Manmin Church (Thailand) dahil sa ebanghelyo ng kabanalan at naranasan nila ang maraming pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714